Department of Industrial Relations
Cal/OSHA
Christine Baker, Director
Juliann Sum, Cal/OSHA Chief

Mga Karapatang Pangkalusugan at Pangkaligtasan: Impormasyon para sa Mga Manggagawa sa California

Hunyo 2015



Mga Credit ng Larawan: Bob Gumpert

Ang Estado ng California, Division of Occupational Safety and Health—na mas kilala bilang “Cal/OSHA”—ay nagsisikap na matiyak na mayroon kang ligtas at mainam na kalusugan sa lugar ng trabaho. Basahin ang katiyakang kaalaman na ito upang maunawaan ang iyong mga pangunahing karapatan at malaman kung ano ang magagawa mo upang makatulong na panatilihing ligtas ang iyong trabaho.

Programa ng Mga Maypagawa upang Maiwasan ang Mga Pinsala at Sakit

Inaatasan ng batas ng California ang iyong maypagawa na magpatupad ng epektibong programa para sa pag-iwas sa pinsala at sakit (injury and illness prevention program o IIPP) na kinabibilangan ng pagsasanay at pagtuturo sa mga ligtas na kasanayan sa trabaho at ng epektibong sistema para sa pakikipag-ugnayan ng iyong maypagawa sa iyo at iyong mga katrabaho. (Basahin ang pahina 4 upang madagdagan ang kaalaman tungkol sa mga kinakailangan sa IIPP.) Dapat kang aktibong lumahok sa pagsasanay na ibinibigay ng iyong maypagawa, dapat mong matutunan kung paano matukoy ang mga banta sa kalusugan at kaligtasan, at dapat mong ipaalam sa iyong maypagawa ang tungkol sa anumang mga panganib na iyong matutuklasan. Dapat ay may sistema ang iyong maypagawa upang makahikayat ng pag-uulat ng mga panganib nang walang pangamba ng paghihiganti at dapat nitong tugunan ang mga panganib sa tamang panahon.

Pagpapatupad ng Cal/OSHA

Mayroon kang karapatang maghain ng reklamo tungkol sa mga panganib sa lugar ng trabaho sa Cal/OSHA, ang ahensya ng estado na nag-iimbestiga at nagpapatupad sa mga kinakailangan sa kalusugan at kaligtasan sa mga lugar ng trabaho sa California. Kung pipiliin mong ibigay ang iyong pangalan, papanatilihing kumpidensyal ng Cal/OSHA ang iyong pangalan, maliban na lang kung hihilingin mong ipaalam ito. Upang maghain ng reklamo, tumawag sa tanggapan sa distrito ng Cal/OSHA na naglilingkod sa kinaroroonan ng iyong trabaho. Upang makita ang tamang tanggapan sa distrito, gamitin ang isa sa mga opsyong ito:

- Mag-online at sundin ang mga tagubilin para sa paghahain ng reklamo. O kaya ay pumunta sa home page ng Cal/OSHA sa www.dir.ca.gov/dosh, at sundan ang ugnay na “File a workplace safety complaint” (“Maghain ng reklamo tungkol sa kaligtasan ng lugar ng trabaho”).
- Tingnan ang isang mapa na nagpapakita sa mga tanggapan sa distrito ng Cal/OSHA at sa mga county kung saan naglilingkod ang mga ito. O kaya ay pumunta sa home page ng Cal/OSHA sa www.dir.ca.gov/dosh, sundan ang ugnay na “Locations - Enforcement offices” (“Mga lokasyon - Mga tanggapan sa pagpapatupad”), at pagkatapos ay sundan ang ugnay na “map of the Cal/OSHA Enforcement regional and district offices” (“mapa ng Mga tanggapan sa pagpapatupad sa rehiyon at distrito ng Cal/OSHA”).
- Sa pamamagitan ng telepono, tumawag sa 1-866-924-9757, pindutin o sabihin ang “2” para sa Cal/OSHA, pagkatapos ay ilagay o sabihin ang zip code ng lugar ng iyong trabaho.

Mga impormasyon na dapat mong ibigay sa kawani ng tanggapan sa distrito:

- Kapag tumawag ka sa Cal/OSHA, maaaring mahalaga ang impormasyong ibibigay mo sa pagtatagumpay ng pag-iimbestiga sa panganib ng Cal/OSHA. Dapat mong ibigay sa kawani ang sumusunod na impormasyon:
- Pangalan at kinaroroonan ng iyong maypagawa. Isama ang kinaroroonan ng trabaho kung iba pa ito sa tirahan ng padalahan ng sulat.
- Ang kinaroroonan ng panganib sa trabaho. Halimbawa: “Ang lagari sa hapag na nasa silid 12.”
- Kung kailan nagaganap ang mapanganib na operasyon o kundisyon. Halimbawa: “Ginagamit namin ang solvent na ito upang maglinis tuwing Biyernes nang hapon.”
- Paglalarawan sa panganib. Hindi kailangang alam mo ang mga hinihingi ng batas. Kailangan mo lang sabihin ang problema. Mga halimbawa: “Mga sirang preno sa forklift,” o “walang proteksyon kapag nahulog.”

Imbestigasyon

Iniimbestigahan ng Cal/OSHA ang mga reklamo tungkol sa mga panganib sa iba’t ibang paraan. Kung minsan, ang pinakamabilis at pinakaepektibong paraan ay ang pag-aabiso ng Cal/OSHA sa maypagawa at pag-aatas nito sa maypagawa na tugunan ang panganib. Sa iba pang mga pagkakataon, nagsasagawa ang Cal/OSHA ng pagsisiyasat sa lugar ng trabaho.

Pagsisiyasat sa lugar ng trabaho

Kapag nagsasagawa ang Cal/OSHA ng pagsisiyasat sa lugar ng trabaho, pumupunta ang tagasiyasat nang walang paunang abiso.

- Pagdating niya, tatawag ang tagasiyasat ng pagpupulong sa pagsisimula kasama ang maypagawa at unyon (kung mayroon nito) upang ipaliwanag ang layunin ng pagsisiyasat at kung paano ito isasagawa.
- Lilibutin ng tagasiyasat ang lugar ng trabaho, oobserbahan ang mga panganib, kakapanayamin ang mga kawani at supervisor, susuriin ang mga nakasulat na talaan, at kukuha ng mga sukat at larawan kung kinakailangan.
- Maaaring samahan ang tagasiyasat ng isang kinatawan ng maypagawa at isang kinatawang pinili ng mga kawani.
- Mayroon kang karapatang makapanayam nang pribado nang wala sa paligid ang maypagawa. Gagawin ng tagasiyasat ng Cal/OSHA ang lahat ng hakbang upang maghanda ng mga serbisyo sa pagsasalin-wika kung kinakailangan.
- Maaari mong hilingin sa tagasiyasat na bigyan ka niya ng kanyang kalakalan upang magawa mong makipag-ugnayan sa tagasiyasat nang wala ka sa iyong lugar ng trabaho.
- Maaaring puntahang muli ng tagasiyasat ang lugar ng trabaho upang mag-ipon ng higit pang impormasyon, lalo na kung kailangang makipag-usap ng tagasiyasat sa mga kawani na hindi nakausap sa unang pagkakataon na pagbisita.

Pagkatapos ng pagsisiyasat:

Maaaring lumabas sa impormasyong naipon ng Cal/OSHA sa pagsisiyasat na lumabag ang iyong maypagawa sa mga kinakailangan sa kalusugan at kaligtasan. Kung mangyari ito, bibgyan ang iyong maypagawa ng isa o higit pang mga utos. Sa mga maypagawa lang nagbibigay ang Cal/OSHA ng mga utos, hindi sa mga kawani. Kung ibinigay mo ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan noong inihain mo ang reklamo, papadalhan ka ng Cal/OSHA ng sulat na naglalarawan sa mga resulta ng pagsisiyasat. Dapat “bawasan,” o iwasto, ng iyong maypagawa ang mga paglabag bago sumapit ang itinakdang deadline. Maaari mong tutulan ang petsa ng pagbabawas sa pamamagitan ng paghahain ng apela 15 araw pagkatapos ibigay ang mga utos. Gayunpaman, kung iaapela ng maypagawa ang isang utos, maaaring hindi mangyari ang pagbabawas hangga’t hindi nalulutas ang apela. Maaari kang lumahok sa anumang apelang ihahain ng maypagawa sa pamamagitan ng paghahain ng mga panukalang maidagdag bilang isang partido sa proseso ng pag-apela. Sa anumang sitwasyon, kapag nagbigay ang Cal/OSHA ng mga utos, dapat magpaskil ang maypagawa kopya ng mga utos sa lugar ng trabaho, paglalarawan sa kung paano iwinasto ang mga panganib, at ng kopya ng anumang apela na inihain. Maaari ka ring tumawag sa Cal/OSHA upang humiling ng kopya ng mga resulta ng pagsisiyasat, kabilang ang ano mang mga utos.

Karapatang Tumanggi na Gumawa ng Mapanganib na Trabaho

Bukod pa sa paghahain ng reklamo, mayroon kang karapatang tumanggi na gumawa ng mapanganib na trabaho. Labag sa batas na hatawan ka ng parusa ng iyong maypagawa dahil sa pagtanggi mong gumawa ng mapanganib na trabaho kung parehong totoo ang mga sumusunod:

1. Lalabag sa regulasyon sa kalusugan o kaligtasan ng Cal/OSHA ang pagsasagawa sa trabaho.
2. Gagawa ang paglabag ng "tunay at malinaw na panganib" para sa iyo o iyong mga katrabaho.

Kapag natugunan ang mga kundisyong ito, mayroon kang karapatang tanggihang isagawa ang trabaho. Gayunpaman, bago ka tumanggi, dapat mong gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Sabihin sa iyong supervisor ang tungkol sa panganib at hilinging tugunan ito.
- Ipaliwanag na handa kang patuloy na magtrabaho kung iwawasto ang panganib o bibigyan ka ng ibang trabaho na ligtas.
- Sabihin na naniniwala kang may nalalabag na regulasyon sa kalusugan o kaligtasan.
- Makipag-ugnayan sa kinatawan ng inyong unyon, kung mayroon kayo nito.

Kung hindi maaayos ang problema, tumawag sa Cal/OSHA at maghain ng reklamo.

Proteksyon Laban sa Paghihiganti

Labag sa batas din na bantaan, itiwalag, ibaba ang ranggo o suspindehin dahil sa pag-uulat ng mga panganib sa iyong maypagawa, paghahain ng reklamo sa Cal/OSHA, o kaya ay paggamit ng iyong mga karapatan sa pagkakaroon ng ligtas at mainam na kalusugansa lugar ng trabaho. Kung didiskriminahin o gagantihan ka ng iyong maypagawa dahil sa paggamit sa mga karapatang ito, mayroon kang karapatang maghain ng reklamo sa California Labor Commissioner, na tinatawag din na Division of Labor Standards Enforcement. Maaaring mabawi ng Labor Commissioner ang mga sahod na dapat bayaran sa iyo at maaari ka nitong matulungang makabalik sa iyong trabaho. Kadalasan, dapat mong ihain ang iyong reklamo sa loob ng anim na buwan mula sa petsa ng paghihiganti.

Tingnan ang isang listahan ng mga tanggapan ng Labor Commissioner at makipag-ugnayan sa tanggapang pinakamalapit sa iyong lugar ng trabaho. O kaya ay pumunta sa home page ng Labor Commissioner sa www.dir.ca.gov/dlse, at sundan ang ugnay na "Contact Us" ("Makipag-ugnayan sa Amin"). Sa pamamagitan ng telepono, tumawag sa 1-866-924-9757, pindutin o sabihin ang "1" para sa Division of Labor Standards Enforcement, pagkatapos ay ilagay o sabihin ang iyong zip code.

Mga Karapatan ng Kawani sa Mga Dokumento at Talaan

Mayroon kang karapatang makatanggap ng mga kopya ng nakasulat na impormasyon tungkol sa mga panganib sa iyong lugar ng trabaho.

Mga Talaan sa Pagkakalantad at Mga Medikal na Talaan: Maaari kang mag-kamit ng mga talaan na nagpapakita sa pagkakalantad sa sarili sa mga nakakalasong sangkap at nakakapinsalang pisikal na salik, pati na rin sa mga pagkakalantad ng iba pang mga kawani na may ginagampanang katulad na trabaho.. Dapat ibigay sa iyo ng iyong maypagawa ang mga talaan sa loob ng 15 araw pagkatanggap sa iyong nakasulat na kahilingan. Kabilang sa mga talaan sa pagkakalantad ang pagsusuri sa kapaligiran ng lugar ng trabaho, mga resulta ng pagsusuri sa katawan, at mga pilyegong datos para sa kaligtasan. Maaari kang magkamit ng mga medikal na talaan kung ikaw ang paksa ng mga talaan o mayrooon kang nakasulat na pahintulot ng paksa. Kabilang sa mga medikal na talaan ang mga medikal na palatanungan at kasaysayan, mga resulta ng pagsusuri, mga medikal na opinyon at pagsusuri, mga paglalarawan sa paggamot at mga reseta, mga ulat sa pangunang lunas, at mga medikal na reklamo ng kawani.

Mga Pilyegong Datos para sa Kaligtasan: Naglalaman ang mga pilyego na ito ng impormasyon tungkol sa mapapanganib na kemikal sa iyong lugar ng trabaho. Dapat panatilihin ng iyong maypagawa na madaling makamit ang mga pilyego na ito at dapat ibigay sa iyo ang mga ito kapag hiniling mo. Pinapayagan ang elektronikong pagkamit hangga't walang nakakahadlang sa agarang pagkamit.

Mga Talaan ng Pinsala o Sakit na Natamo sa Trabaho: Mayroon kang karapatang makatanggap ng mga kopya ng mga sumusunod na talaan: Ang Log of Work - Related Injuries and Illnesses (Form 300) (Log ng Trabaho - Mga Nauugnay na Pinsala at Sakit); Annual Summary of Work - Related Injuries and Illnesses (Form 300A) (Taunang Buod ng Trabaho - Mga Nauugnay na Pinsala at Sakit); at Injury and Illness Incident Report (Form 301) (Ulat sa Insidente ng Pagtatamo ng Pinsala at Sakit) na naglalarawan sa isang pinsala o sakit na iyong natamo. Sa karamihan ng mga industriya, dapat kang bigyan ng iyong maypagawa ng mga kopya sa pagtatapos ng susunod na araw ng negosyo.

Mga Nakasulat na Planong Pangkalusugan at Pangkaligtasan: Mayroon kang karapatang suriin ang mga nakasulat na plano ng iyong maypagawa para sa ilang partikular na programang inaatas ng Cal/OSHA, gaya ng pakikipag-ugnayan tungkol sa panganib, proteksyon para sa respiratory system, at mga proseso ng pagpasok sa kulob na lugar na nangangailangan ng pahintulot.

Mga Credit ng Larawan: Bob Gumpert

Impormasyon ng Cal/OSHA

Upang madagdagan ang nalalaman tungkol sa iyong mga karapatan sa kalusugan at kaligtasan, pumunta sa **home page ng Cal/OSHA** sa **www.dir.ca.gov/dosh**. Maaari ka ring tumawag sa **1-866-924-9757**, pindutin o sabihin ang "2" para sa Cal/OSHA, pagkatapos ay ilagay o sabihin ang iyong zip code upang mahanap ang tanggapan sa distrito na naglilingkod sa lokasyon ng iyong trabaho.

Mga Kinakailangan para sa Programa para sa Pag-iwas sa Pinsala at Sakit ng isang Maypagawa

Dapat gumawa at magpatupad ang lahat ng maypagawa sa California ng epektibong programa upang matugunan ang mga kinakailangan ng regulasyong Injury and Illness Prevention Program (IIPP) ng Cal/OSHA. Dapat ay nakasulat ang IIPP ng maypagawa at dapat nitong tukuyin sa mga konkretong termino ang mga isinasagawang aktibidad ng employer sa bawat isa sa mga sumusunod na larangan:

- **Responsibilidad:** Pangalan o titulo sa trabaho ng tao o mga taong magpapahintulot at responsable sa pagpapatupad sa programa.
- **Pagsunod:** Nakasulat na sistema sa pagtiyak ng pagsunod sa mga pangkaligtasan at pangkalusugang kasanayan sa trabaho.
- **Pakikipag-ugnayan:** Sistema para sa pakikipag-ugnayan sa paraang madaling nauunawaan ng mga kawani tungkol sa mga usaping pangkaligtasan at pangkalusugan. Maaaring kabilang dito ang mga pagpupulong, pagsasanay, pagpapaskil, nakasulat na pakikipag-ugnayan, at lupong pangkaligtasan at pangkalusugan ng pamahalaan ng mga manggagawa. Dapat hikayatin ng mga maypagawa ang mga kawani na mag-ulat ng mga panganib nang walang pangamba ng paghihiganti. Ang maypagawa na gumagamit ng pangasiwaan ng lupon sa pamamahagi ng katiwasayan sa pangkalusugan at pangkaligtasan sa mga kawani ay kinakailangang nakatitiyak sa mga pangangailangan na nakasaad sa regulasyon ng IIPP.
  Pagtatasa sa Panganib: Mga pamamalakad para sa pagtukoy at pagsusuri ng mga panganib sa lugar ng trabaho, kabilang ang mga pana-panahong pagsisiyasat.
- **Pag-iimbestiga sa Aksidente o Paglalantad:** Ang pamamalakad para sa pag-iimbestiga sa mga pinsala at sakit na natamo sa trabaho.
- **Pagtugon sa Panganib:** Mga paraan at pamamalakad ng pagwawasto sa mga hindi ligtas o hindi makakabuti sa kalagayan ng kalusugan sa pagtatrabaho sa napapanahong pamamaraan.
- **Pagsasanay at Pagtuturo:** Epektibong programa para sa pagtuturo sa mga empleyado ng tungkol sa mga pangkalahatang ligtas na kasanayan sa trabaho at panganib sa trabaho na partikular sa bawat nakatalagang trabaho, sa wikang nauunawaan ng mga kawani.
- **Pagpapanatili ng Talaan:** Nakasulat na dokumentasyon ng mga hakbang na isinasagawa ng employer upang simulan at ipatupad ang IIPP.

Ang mga partikular na kinakailangan para sa isang IIPP ay matatagpuan sa titulo 8, seksyon 3203 ng California Code of Regulations. O kaya ay pumunta sa home page ng Department of Industrial Relations sa www.dir.ca.gov, sundan ang ugnay na “Laws & Regulations” (“Mga Batas at Regulasyon”), ang ugnay na “California Code of Regulations - Title 8” (“Kodigo ng Mga Regulasyon ng California - Titulo 8”), ang ugnay na “Cal/OSHA,” at pagkatapos ay hanapin ang “3203.”

Gamitin ang mga kailangan na kasangkapan na pang-edukasyon ng Cal/OSHA upang tulungan ang mga maypagawa na gumawa ng epektibong IIPP. O kaya ay pumunta sa home page ng Cal/OSHA sa www.dir.ca.gov/dosh, at sa ilalim ng “Educational Materials” (“Mga Materyal na Pang-edukasyon”), sundan ang ugnay na “Consultation eTools” (“Mga eTool para sa Konsultasyon”). Tingnan din ang mga ugnay patungo sa mga modelong IIPP sa itaas ng web page na nagpapakita sa titulo 8, seksyon 3203 ng California Code of Regulations.

Mga Credit ng Larawan: Bob Gumpert

Mayroon kang karapatan sa pagkakaroon ng ligtas at mainam sa kalusugan na lugar ng trabaho, mayroon ka mang mga dokumento upang legal na magtrabaho sa Estados Unidos o wala.

Tandaan: Hindi kami ang US Immigration and Customs Enforcement (ICE), at hindi namin hihingin o iuulat ang iyong status ng imigrasyon.

STATE OF CALIFORNIA
CAL OSHA
DEPARTMENT OF INDUSTRIAL RELATIONS